

1

Yuri was happy as a clam in mud at high tide. Panay ang buntong-hininga niya at atat na atat na siyang tumalon sa ere. Sakay sila ng *Cessna 206* light aircraft. He felt utterly ecstatic habang pinagmamasdan ang mga ulap na payapang nakalutang sa himpapawid. Nang bahagya siyang dumungaw ay luntiang tanawin na lamang ang namalas ng kanyang mga mata. Muli, rumagasa ang matinding kaba na may halong tuwa at antisipasyon sa mga ugat niya.

Yuri Miyamoto, the Brazilian-Japanese daredevil with a small percent of Filipino blood, was a total dreamboat. Cruel eyes na nakakapasong tumitig, perfectly-shaped nose, and his sensual-enticing lips na tila nangangakong maghahandog ng napakasarap na misteryo at kiliti. Matangkad siya, around six feet and four inches tall. His tanned olive skin seemed to glow naturally. And, he was muscular and athletic-looking. Yuri sure was a hottie—undebatable and undoubtedly.

Sheer adrenalin and sheer excitement got into his nerves nang bigyan sila ng go-signal. Maliksi ang sumunod niyang kilos. Hindi niya alam kung ano ang eksaktong nangyari, basta ang alam niya he got out of the plane in the wrong position. The next thing he knew, he was freefalling to the ground and was tumbling wildly. Salitang tumatambad sa mga mata niya ang maliwanag

na sinag ng araw at ang malawak na lupaing tila naghihintay sa kanyang pagbulusok pababa.

“Shit!” malutong niyang mura nang ayaw bumukas ng parachute at reserve chute. He realized that his leg got snarled in the parachute lines.

Nilukob ng matinding hilakbot ang katawan niya maging ang kaliit-liitang himaymay sa kanyang sistema. He was dropping sharply! Gusto na niyang mag-panic, ngunit pilit niyang kinalma ang sarili. Panicking would not save his life.

Ibinuka niya ang mga paa upang makamit ang stability. Inipon niya ang buong atensyon at nag-focus, he kept on trying to cut away the pull cord habang walang humpay ang dalangin na sana ay makaligtas siya sa nakaambang na kamatayan.

Nang inakala niyang tuluyan na siyang nawalan ng pag-asa, noon naman bumukas ang chute. Nakahinga siya nang maluwag subalit hindi iyon sapat para maiwasan ang isang rocky landing.

Flashes of childhood memories, faces of people he used to know and things he bothered doing came pouring like water in his mind. Umuungol siya sa sakit at narinig pa niya ang tilian ng mga tao sa paligid bago nagdilim ang kanyang paningin.

Panay ang kalikot ni Ikay sa laylayan ng kanyang blusa. Sinipat niya ang sarili. Unat na unat ang hanggang baywang

niyang buhok. Ang mga mata niya ay nakakubli sa likod ng Coke bottle thick lenses na salamin. Wala siyang inilagay na kolorete sa kanyang mukha. Puting blusa at lampas tuhod na palda rin lang ang suot niya. Ang maliit niyang mga paa ay nakapaloob naman sa isang pares ng itim na sandalyas.

Ngayon ang unang araw niya bilang private nurse ni Yuri Miyamoto para sa kanya ay dream come true ito sapagkat matagal na niyang *crush* ang guwapong skydiver. Lahat ng pictures nito sa sports page ng newspaper at magazines ay ginugupit niya at pinakatagu-tago, kaya nang malaman niyang nangangailangan ng private nurse ang binata ay walang pagdadalawang-isip na siyang nag-apply at kaagad naman siyang tinanggap ni Señor Alfonso Miyamoto.

Maganda ang credentials niya: *summa cum laude*, topnotcher sa nursing licensure exam at may two years hospital experience. Actually, hindi siya ang unang nurse na magtatrabaho para sa binata. Nakailang palit na ito bago pa siya natanggap. Ang balita niya ay walang nagtatagal na nurse dito. Masyado raw itong terror.

Mula sa pagkakatayo sa bungad ng pinto ay pinagkasya muna niya ang sariling pagmasdan ang lalaki. Mukha namang hindi siya nito pansin. Nakaupo ito sa reclining chair na nakaharap sa malaking bintana, tanaw ang oval-shaped pool. Nakatalikod ito sa kanya.

Humugot siya ng malalim na paghinga at pinuno ng hangin

ang dibdib bago marahang kumatok upang ipabatid sa pasyente ang presence niya. Marahas itong lumingon. Lihim siyang napasinghap sa nasilayang anyo nito. Yuri's eyes were darkly shadowed, rough stubbles lined his tense jaw. Her heart went out to him, she wanted to gather Yuri in her arms and hug him.

“Who are you and what are you doing here?” matigas nitong tanong. Klaro sa tono ng boses nito na hindi nito nagustuhan ang presence niya. She recoiled in fright.

Binagyo ng kaba at nerbyos ang kanyang dibdib. Ramdam niya ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Gusto niyang kumaripas ng takbo. Likas pa namang mahina ang loob niya.

“A-ah, Sir, I-Ikay po ang pangalan ko. A-ako po ang bagong nurse,” kabadong pakilala niya sa sarili. Ramdam niya ang pag-akyat ng init sa magkabila niyang pisngi.

Yuri's lips twisted in derision. “The new nurse, okay,” salat sa interes nitong turan.

Sandaling tila nalulon ni Ikay ang kanyang dila. Nanatili lang siyang nakamata sa guwapong binata. Pinagalitan niya ang sarili, hindi siya dapat maintimida sa ipinapakitang kagaspangan ng ugali nito. Kailangan niyang intindihiing may malalim itong pinaghuhugutan ng damdamin.

She cleared her throat, her shoulders steel-straight. Sinalubong niya ang nakakapangatog-tuhod na titig ni Yuri. “S-Sir, range of motion exercise na po tayo para po maibalik ang dating

lakas ng mga paa ninyo,” saad niya.

Napigil niya ang paghinga nang hagurin siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa.

“S-Sir, kailangan n’yo pong humiga.” Dahan-dahan niyang nilapitan ang pasyente. Dinig niya ang marahas nitong paghinga at ang pagngangalit ng mga ngipin nito. Mariing nakakuyom ang kamao ng binata.

Bakas ang matinding galit sa mukha ng lalaki. “Leave me alone,” tahimik na tugon nito sa pagitan ng pagtatagis ng mga bagang.

Napatda siya at nag-freeze ang kanyang mga paa. “S-Sir...” Nagsimulang pangiliran ng luha ang kanyang mga mata. Hindi niya alam kung ano ang gagawin o kung ano ang dapat sabihin. Pakiwari niya ay siya na ang pinakabobang tao sa mga oras na iyon.

Nakita niyang lumuwag ang pagkakakuyom ng kamao ni Yuri. Nakamata pa rin ito sa kanya na tila binabantayan ang bawat galaw niya. “All right. Go ahead, do your work.” Isinandal nito ang likod sa upuan at hinintay ang paglapit niya. Behind those jet-black eyes, she knew there was something else. Sunud-sunod ang ginawa niyang paglunok bago itinuloy ang paglapit sa binata.

Nakasunod ang tingin ni Yuri sa bawat galaw ng dalaga sa

tabi niya. Komportable siyang nakahiga sa kama at ito naman ay nakatayo sa gilid ng higaan. Ang isang kamay nito ay nasa ilalim ng tuhod niya, ang isa naman ay nakahawak sa talampakan niya. She lifted his knee and bent it toward his chest pagkatapos ay maingat nitong muling ibinaba ang paa niya. Magaan ang kamay nito at puno ng gentleness.

Maigi niya itong pinagmasdan. There was nothing special about her. She was plain, timid, and geeky. Nag-angat ito ng ulo at nagtama ang mga paningin nila. Namula ang magkabilang pisngi ng dalaga at mabilis na nag-iwas ng tingin. Gusto niyang matawa ngunit pinigil niya ang sarili.

“What’s your name again? Ah, yes, Ikay. May boyfriend ka na ba, Ikay?” There was a playful glint in his eyes.

“Ho? Naku, wala hong magkamali, Sir,” sagot nito na hindi tumitingin sa kanya.

Napatango siya. Na-amuse siya sa kausap. She wasn’t flirting with him at ipinagpapasalamat niya iyon kahit na halatang may paghanga ito sa kanya. Dagdag sakit sa ulo kasi ang mga nurses na dati nang naglingkod sa kanya; lantaran ang pang-aakit ng mga ito. Imbis na matuwa siya ay mas lalo lang umiinit ang ulo niya. He couldn’t perform the *act*, for pity’s sake!

“Pero nagka-boyfriend ka na ba?” patuloy niyang usisa.

Nalukot ang ilong nito. “H-hindi pa po, Sir.”

“Bakit?”

Hindi ito makasagot, yukung-yuko ang ulo.

“Let me guess, hindi pa dumarating ang tamang lalaki para sa 'yo?”

Ikay faintly nodded.

“Pero ngayon? Dumating na ba?” tukso niya. Sinupil niya ang isang ngiti nang makitang pinamulahan ito ng mukha.

“E-ewan ko po.”

Muli ay napatango siya. Hindi niya maintindihan kung bakit naaaliw siyang kulitin ang dalaga. Natutuwa siyang pagmasdan ang pamumula ng mukha nito, ang pagkibut-kibot ng mga labi, ang paggalaw ng maninipis nitong kilay at ang bahagyang panginginig ng kamay nitong nakalapat sa kanyang balat. Kahit kaunti ay naibsan ang pagkayamot niya at init ng ulo na karaniwan niyang nararamdaman araw-araw.

Inangat niya ang mga kamay at inilagay ang mga iyon sa likod ng kanyang ulo. “Ikay, guwapo ba ako sa tingin mo?” May halong panunukso ang tono ng tinig niya.

Napaubo ito sa kanyang tanong. Bumukas-sumara ang bibig nito, ngunit walang tinig na lumabas. Gusto na talaga niyang humagalpak ng tawa. Kunwari ay pinalungkot niya ang mukha at bahagyang sumimangot.

“Pangit ’ata ako. Idagdag pang hindi ako makalakad.”

“Sir, hindi po kayo pangit. Sa katunayan ay ubod po kayo ng guwapo. Kinokolekta ko nga po ang mga pictures n’yo kasi idolo ko po talaga kayo at —” Natutop nito ang bibig. Mukha itong batang pasaway na nahuli sa kalokohang ginawa.

Umalingawngaw ang malutong niyang halakhak. Mula noong naaksidente siya ay ngayon lang siya muling tumawa nang ganito. It was a hearty laugh at totoo sa loob niya ang tuwa.

“Hey, huminga ka nga at baka himatayin ka diyan,” aniya. “Tuloy mo ang ginagawa mo,” dugtong niya bago ipinikit ang mga mata. Nais pa sana niyang patuloy na tudyuin ang dalaga, subalit pakiramdam niya ay hihimatayin na ito sa nerbyos at hiya, kaya nagpasya siyang tigilan na lamang ang panunukso rito. Next time na ulit niya kukulitin ang mayuming nurse at baka layasan siya nito nang wala sa oras. Lihim siyang napangiti sa naisip.

“If i had my druthers, I’d stay in Florida and wouldn’t even think of this goddamn place!” Yuri’s voice filled all corners of the room.

Natigil ang sana ay balak na pagpasok ni Ikay sa kuwarto ng binata. Natulos siya sa tapat ng pinto.

“Unfortunately, wala kang ibang pagpipilian. Kailangan mong pagtiisan ang Pilipinas. For once, stop being a burden to me.

Umasta ka namang ayon sa edad mo. Kung nabubuhay lang ang mommy at daddy mo, hindi sila matutuwa sa 'yo!" dumagundong ang boses na sermon ng matandang Miyamoto.

Sandaling dumaan ang ilang segundong katahimikan. All that she could hear were their sharp and labored breathing.

"Tama ka, Avô, pero wala na sila." Ang Avô ay Portuguese term para sa salitang 'lolo'. "Hindi na sila makukunsumi sa walang kuwenta nilang anak na walang ibang idinulot sa pamilyang ito kundi problema at kahihiyan!" mapait nitong bulalas kapagkuwan.

"Yuri..." tanging sabi ng matanda.

"I want to rest. Please leave." Mahinahon na ang boses ni Yuri subalit may bahid pa rin ng pait. Her heart bled for him. Kung puwede niya lang kunin ang hapdi na dinadala nito ay gagawin niya. She loved him that much. Yes, mahal na niya si Yuri. Ang simpleng paghangang nananahan sa puso niya ay umusbong at ganap nang naging pag-ibig.

Minabuti niyang huwag munang tumuloy. Tumalikod siya at nagtungo sa hardin upang doon muna magpalipas ng oras. Walang anu-ano ay nagulantang siya nang may narinig na ingay mula sa loob. Nagmamadali siyang pumasok sa mansyon.

"Ikay! Ikay!"

Mula sa labas ng silid ni Yuri ay dinig na dinig niya ang malakas na pagtawag ni Señor Miyamoto sa kanyang pangalan.

Nagkukumahog siyang tumakbo papasok sa kuwarto ng binata. Natutop niya ang bibig nang mamalas ang kalunus-lunos nitong anyo. Nakasubsob ito sa sahig at may sugat ang palad. Nakakalat din sa sahig ang mga bubog ng nabasag na crystal figurine.

Hindi na siya naghintay na utusan pa, kusa na niyang dinaluhan si Yuri upang suriin ang sugat nito. Subalit hindi pa man lumalapat ang mga kamay niya sa balat nito ay tinabig na siya nito palayo.

“S-Sir, kailangan kong tingnan ang sugat mo,” puno ng pag-aalala ang tinig na saad niya.

Matalim ang tinging ipinukol nito sa kanya pagkatapos ay binalingan nito ang abuelo. His face grim. “You two, get the hell out of my room!” bulyaw nito na ikinagulat niya. Nagtatanong ang mga mata niyang lumingon sa gawi ng matanda. Nakita niyang nakatuon ang pansin nito sa apo at malungkot ang kislap ng mga mata.

“Ikaw na ang bahala sa apo ko, Ikay.” Iyon lang at tahimik na itong tumalikod.

Muli niyang binalingan ang binata nang makaalis na ang abuelo nito. Muntikan na siyang mapasinghap nang makitang nakatuon sa kanya ang malamig at itim na itim nitong mga mata.

“Ano pa ang ginagawa mo rito? Umalis ka na!” sigaw nito sa kanya.

Hindi niya ito pinakinggan, sa halip ay tinulungan niya itong makabalik sa kama. Siniguro niyang komportable ang pagkakahiga nito bago siya kumuha ng palangganang may lamang maligamgam na tubig at bimpo. Maingat niyang nilinis ang sugat nito. Gusto na niyang umiyak dahil awang-awa siya sa lalaking minamahal. Nais niya itong yakapin para kahit kaunti ay maibsan ang kirot sa puso nito. Nangako siya sa sariling tutulungan niyang muling makabangon ang lalaki.

Magdamag niya itong inasikaso kahit na inulan siya nito ng masasakit na salita at mura. Hindi na niya namalayang nakatulog na pala siya. Nakaupo siya sa stainless steel folding chair at ang ulo niya ay nakayukyok sa malambot na kutson. Napukaw ang nahihimbing niyang diwa dahil sa magagaang na haplos sa kanyang pisngi. She slowly opened her eyes and was greeted by Yuri's smiling face.

“Y-Yuri... How are you feeling? Kumikirot ba ang sugat mo?” nababahala niyang tanong.

Umiling ito at ngumiti. “I’m perfectly fine, Ikay. Salamat sa maasikaso kong nurse.”

Napanganga siya. Tumalon ang puso niya sa kilig at tuwa. Sumilay ang isang matamis na ngiti sa mga labi niya. “Naku, wala ho iyon, Sir. Ginagawa ko lang ho ang trabaho ko.”

“Trabaho nga lang ba, Ikay?” He was intently looking at her. “Come here,” malambing nitong utos sa kanya, ibinuka nito ang

mga braso. Kaagad siyang tumalima at pumaloob sa naghihintay nitong yakap. Mariin siyang napapikit nang maglapat ang mga balat nila. He was warm and she felt safe. Lumolobo ang puso niya sa ligaya.

Bahagya nitong inilayo ang katawan sa kanya upang titigan ang kanyang mukha. Sinalubong niya ang mga mata nito. Nanigas siya at nanlaki ang kanyang mga mata nang makitang dahan-dahang bumababa ang mukha nito sa kanya. He was going to kiss her at wala siyang planong umiwas! She longed for this, for his kisses.

“Ikay...” anas nito sa pangalan niya bago tuluyang sinakop ang naghihintay niyang bibig. Nanginig ang kanyang mga labi at naramdaman niyang napangiti ang binata. “Don’t be scared, Ikay. I’ll take care of you.”

Ipinikit niya ang mga mata at buong-pusong tinanggap ang halik ng binata. Walang pag-aalinlangan sa puso niya. Gumapang ang halik nito pababa sa kanyang leeg habang ang mga kamay naman nito ay humahaplos sa likod niya. She felt his fingers unbuttoning her blouse ngunit wala siyang ginawang pagtutol, sa halip ay nakatingin lang siya sa mga kamay nito.

Napakapit siya sa mga balikat nito when his hand cupped her breast. She felt his touch and kisses grew more demanding. Mas naging mapaghanap. His breathing was ragged and heavy. And with one sharp intake of air ay dumistansya ito palayo sa kanya.

“M-may mali ba akong ginawa?” nanginginig ang boses niyang tanong.

Ngumiti ito sa kanya. “You did just fine, Sweetheart. But... but... I still couldn’t do it. Hindi ko pa kaya,” puno ng frustration nitong sagot.

Nakahinga siya nang maluwag. Akala niya ay na-turn off na ito sa kanya. Ngumiti siya rito at mahigpit na niyapos ang lalaki.

Nadatnan ni Ikay na prenteng nakaupo sa kama si Yuri. Madilim ang mukha nito. Kanina ay naulinigan niyang nagtatalo na naman ang maglolo. Maingat siyang naupo sa tabi ng binata. It had been months now, hindi na siya gaanong ilag sa binata.

She threw him a fleeting gaze, malaki na ang improvement nito. Nakakalakad na ang kanyang pasyente. Yuri was as good as new, ngunit nagtataka siya kung bakit wala pa ring namamagitan sa kanila. Higit pa sa paghahalikan ang ginagawa nila, kulang na lang talaga ay bigyan nito ng kaganapan ang lahat, pero sa tuwina ay ito ang tumitigil at umaalis.

“May problema ba?”

“Yes.”

Napatangu-tango siya. “Gusto mo bang pag-usapan natin?”

Tinitigan siya nito. His eyes were surprisingly cold. Wala na

ang friendliness doon. He wasn't his usual self.

“Nag-away kami ng matanda,” tukoy nito sa abuelo. “Gusto ko nang bumalik sa Florida pero ayaw niya.”

Sumikip ang dibdib niya sa narinig. Nais na nitong bumalik sa Florida. Paano siya? Akala niya ay may espesyal nang namamagitan sa kanila. Why drop her like a used rag? Ganoon lang ba kadali para ritong iwan siya?

“P-paano ako?” nagawa niyang isatinig ang katanungan sa kanyang isipan. Muli siya nitong sinulyapan.

“What about you?” walang gana nitong balik.

Pakiramdam niya ay nagkapunit-punit ang kanyang puso. “I thought... I thought... we're sharing something special here?” basag ang boses niyang tanong.

His lips twisted. Bigla siya nitong kinabig at kinuyumos ng halik. His kisses were on fire. Pati katawan nito ay nag-aalab sa init. Walang pangingiming ginantihan niya ang halik nito. Her hands pressed against his hard chest. Yuri explored her body, he touched every inch of her. Bumaba ang mga labi nito sa leeg niya and gently planted wet kisses on her smooth skin.

“Oh, Yuri!” she gasped when his hand landed on the sensitive flesh between her thighs.

Mabilis na nahubad ang mga saplot nila sa katawan. That was the very first time they got completely naked. Nakaramdam

siya ng kaunting kaba, ngunit maliit lang iyon kumpara sa hangaring mabigyang katuparan ang pag-iisa ng kanilang mga katawan.

Her body arched when she felt his warm mouth closed around her taut crown. All the while, he kept on stroking her. She was already fully stimulated.

“Yuri...” Gusto niyang pag-isahin na nito ang kanilang mga katawan.

He was above her, nakatingin sa kanya. Matalim ang kislap ng mga mata nito. Nang-uuyam ang tawang kumawala sa lalamunan ng binata. “Didn’t you notice something, Sweetie? My *thing* isn’t cooperating.”

Lumipad ang tingin niya sa tinutukoy nito at nagsasabi nga ito ng totoo. “B-bakit?” naguguluhan niyang tanong.

“Bakit? Let me see, because you’re not good enough in bed, Sweetie. You are frigid and you’re a deadfish, for crying out loud!” maanghang nitong pintas sa kanya.

Marahas itong bumangon at hindi na nag-abalang takpan ang kahubdan. “Wala sa akin ang problema! Nasa ’yo, Ikay! Wala ka na bang alam kundi ang konting hawak, halik at higa ’tapos ay maghintay? Great! Now you’re asking me kung paano ka na? Na kesyo we’re sharing something special blah-blah-blah! Nonsense!” asik nito.

The Devil's Game - Ingrid De La Torre

Wala siyang mahagilap sabihin. Suddenly, she felt dirty and so little. Naniningkit ang mga mata niyang tumayo at ubod ng lakas na sinampal ang lalaki. "I hate you!" she hissed at mabilis na nagkulong sa banyo.

Wala na si Yuri nang lumabas siya makaraan ang ilang oras na pagmumukmok sa loob ng banyo. That same day, nag-file siya ng resignation at nagpakalayu-layo.